MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 7 Blg. 29 | Nobyembre 21-27, 2022 | P10.00




# DOH 4A W.I.L.D. PROJECT INITIATES WITH CARMONA LGU

pahina 2

## Christmas is early at SM Malls Cavite

It's 38 days before Christmas and all the Christmas trees at SM City Tanza, SM City Trece Martires and SM City Rosario are up and lit up to bring the shoppers the early Christmas spirit! Enjoy and experience fun and excitement as each SM Mall takes you to different spectacular Christmas displays.



*SM City Tanza carries you to the coolest place here on earth and celebrate freezing Christmas with the Fun-tastic Arctic creatures at the Arctic Christmas!*



*SM City Trece Martires brings you the sweetest Christmas ever! At the Merry and Sweet Christmas, savor the sweet taste of giant Christmas candies, cakes and more!*




*SM City Rosario marches you to the Nutcracker's Christmas Journey. The magical Christmas starts now!*

SM Supermalls continuously create events, displays and activities that will surely bring happiness and delight to its shoppers! Visit SM Malls in Cavite with your friends and family for more aweSM Christmas experiences!

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# DOH 4A W.I.L.D. PROJECT INITIATES WITH CARMONA LGU

**TRECEMARTIRES, Cavite (PIA)** – The Department of Health-Center for Health Development (DOH-CHD) CALABARZON initiates the "ProtektoDOH Laban sa W.I.L.D! Kalusugan ay SiguraDOH!" program with the turn-over of anti-water-borne and foodborne illnesses, influenza-like illnesses, leptospirosis, and Dengue or W.I.L.D. diseases equipment to the Municipal Government of Carmona held at the Carmona Elementary School this November 10.

The activity solidifies the department's partnership with the LGUs as it pushes the KonsulTayo Campaign which aims to encourage Filipinos to get the care they need to avoid adverse health outcomes and increase public awareness against WILD diseases.

DOH CALABARZON Regional Director Ariel I. Valencia led the turn-over of the equipment and other supplies consisting of spray can insecticides, Larvicides, Insecticide Treated Screens, Dengue NS1 Rapid Diagnostic Tests, Antigen and Antibody Tests, Oral Rehydration Salt, and Paracetamol.

According to RD Valencia, Carmona was chosen as the pilot area since it is one of the localities affected by the recent typhoons.

He added further that, "Itong W.I.L.D. Diseases na ito ay ilan lamang sa mga epekto ng pabago-bagong klima sa bansa. Kaya bilang lead agency sa usaping pangkalusugan ay minarapat nating agapan na ang mga banta sa kalusugan, kagaya nitong W.I.L.D. Kaya naririto po kami ngayon sa Bayan ng Carmona para ibigay itong mga anti-mosquito equipment at iba pang supplies na magagamit natin sa paglaban sa W.I.L.D Diseases."

(These W.I.L.D. diseases are just some of the effects of the changing climate in the country. So as the lead agency in the matter of health, we should take care of health threats, such as this W.I.L.D. That's why we are here today in the town of Carmona to provide anti-mosquito equipment and other supplies that we can use in the fight against W.I.L.D Diseases.)

Municipal Mayor Dahlia Loyola thanked the DOH IV-A for choosing the municipality as pilot area with the equipment given to protect the citizenry against these health threats.

Dr. Dahlia Loyola also appealed to her constituents for cooperation to support the LGUs programs on health, "Hindi po namin kaya na kami lang, kailangan po namin ang tulong ng lahat ng stakeholders lalo na sa usaping pangkalusugan."

From January 1 to November 5, 2022, DOH CALABARZON recorded an increase in cases of W.I.L.D Diseases including 271 Acute bloody diarrhea cases (282%) higher than the 71 cases recorded during the same period last year, with 1 death, 571 typhoid fever cases (242%) increase; 12,734 influenza-like illness (ILI) cases (34.4%) increase with 21 deaths; 20, 706 cases of dengue (152%) increase, with 40 fatalities and 155 leptospirosis cases (53%) increase, with 16 deaths. ***(RBF/PIA-Cavite)***

# Korean-funded mold technology support hub opens in Cavite

**MANILA –** The Mold Technology Support Center (MTSC) funded by the Korean government for USD8 million officially opened in General Trias, Cavite on Thursday.

The MTSC, which is poised to be a premier training hub for mold technologies, will be managed by the Department of Science and Technology-Metals Industry Research and Development (DOST-MIRDC).

It houses equipment, tools, and various technologies for mold and mold-related requirements of the industry. The establishment of the MTSC aims to help advance local mold companies, increase their productivity, and help them become globally competitive.

At the MTSC launch, MIRDC executive director Robert Dizon said the facility will also help strengthen the industrial cooperation between the Philippines and the Republic of Korea.

"Korean partners who supplied all the equipment are here to demonstrate and encourage more local companies to avail of MTSC's services. Not only did they provide the equipment, but our Korean partners made sure to boost the skills and technical know-how of our MTSC engineers and staff," Dizon said.

Seven engineers and technicians from the MIRDC and the Philippine Die and Mold Association (PDMA) trained on technical drawing, mold design, programming and operations, and mold assembly in South Korea from September to December 2019.

According to the MIRDC, the MTSC will be instrumental in beefing up the local economy. In Cavite alone, the MTSC will be able to provide its services to over 200 companies.

Companies in the molding industry are those which manufacture household products such as bottles, gadget casings, food containers, and toilet seats, among others.

The facility is located on a Philippine Economic Zone Authority-owned land near the Cavite Economic Zone.

Aside from providing training on mold making, the MTSC will accept mold-making jobs. Those interested may reach out to the MIRDC or the PDMA, especially if they are members of this association.

Dizon earlier said trainees may learn the basics like technical drawing, wherein they would only need a computer and software. The training may last for two months because of the various modules that participants would need to take up. ***(PNA)***

# Ugnayan sa Barangay in Indang

After almost three years of pandemic, Governor Jonvic Remulla reunited with Indangeños through the Ugnayan sa Barangay program held at Indang Municipal Covered Court on November 10, 2022.

Present during the program were Vice Governor Athena Bryana Tolentino, 7th District Board Member Ping Remulla and local officials of Indang led by Mayor Perfecto Fidel, Vice Mayor Sammy Rodil and the entire Sangguniang Bayan members, together with ABC President Lino Cruzada.

Board Member Ping Remulla expressed his gratitude for the support entrusted to him and shared his interest to continue all the projects and programs started by his father, then Congressman and now Department of Justice (DOJ) Secretary Crispin "Boying" Remulla. Afterwards, Governor Jonvic Remulla laid out plans and various development programs that will help uplift the lives of Caviteños.

The hundreds of constituents from different barangays in attendance felt gratitude for the support provided to them through Pamaskong Handog brought by the provincial government.

# OPA holds a two-day Agri Trade Fair and Exhibits for Cavite Exhibitors

The Office of the Provincial Agriculturist (OPA) kicked off a two-day Agri Trade Fair and Exhibits with the theme "Produktong Pinagyaman sa Kanayunan, Laan sa Malusog at Maunlad na Pamayanan" to promote variety of Cavite produced from sixteen (16) participating municipalities and cities on November 10-11, 2022 at the Office of the Provincial Agriculturist Compound, Trece Martires City.

During the program, Ms. Lorna E. Aviñante, Officer-in-Charge of OPA, acknowledged the presence of the guests and participants. She then explained that the Agri-Trade Fair and Exhibits is a quarterly event held for the province's farmers, fishermen, and exhibitors to recognize their efforts and hard work for the industry. She also announced that another leg of the Agri-Trade Fair and Exhibits will be held in December. She also expressed her heartfelt appreciation to all of the attendees, exhibitors, and partners who participated and helped make the program a success.

Mr. Joselito Felix H. Noceda, Agricultural Program Coordinating Officer for Cavite, coaxed everyone not to give up and become weary of farming, fishing and raising animals, because these are the most important for these are the sources of food. Hence, he encouraged everyone to continue supporting one another to grow and strengthen the agricultural industry in the province. He added that the Department of Agriculture is grateful to the local government units that have become partners of the agriculture sector.

However, Mr. Noceda shared details about the virus in bananas in Cavite and urged the farmers that if they encountered and saw bananas like these, they should not transfer or take it out of the area because the virus is contagious and can spread quickly.

Meanwhile, Ms. Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II, who attended on behalf of Dr. Rolando V. Maningas, OIC-Center Director, stated that the farmers and exhibitors in Cavite are fortunate to have such a platform to consolidate their products and this Agri Trade Fair and Exhibits is an excellent opportunity for them to become known for their focused commodities which will not only help them connect with other farmers and exhibitors, but will also help them build trust with consumers.

Dr. Nellie M. Ilas, Chairwoman of the Provincial Agriculture and Fishery Council, asked everyone to always support agricultural programs and activities that will help the province and country's growth because agriculture is part of our livelihood.

Afterwards, Hon. Shernan S. Jaro, 3rd District Board Member and Chairman Committee on Agriculture, committed to always be of service for the improvement of the agricultural industry in the province of Cavite.

After the program, guests visited the booths to see the products of the thirty-six (36) exhibitors.

# Free health services in Brgy. Bukal, Mendez, Cavite

On November 10, 2022, the Office of the Provincial Governor-Extension provided free health services to one hundred twenty-five (125) adults and children in Brgy. Bukal, Mendez, Cavite including medical consultations, maintenance medications, multivitamins and vitamin C supplement.

Medical team from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital composed of Dra. Evelyn Agdon, Dr. Joefet Kristofhershen Laureles, Dr. Ma. Ralene B. Manaig, and Ms. Luli Camitan, Nurse from the Rural Health Unit of Mendez rendered the free consultations and check-up in the said event.

Patient screening, antigen swab testing and minimum safety health protocols were all observed during the conduct of the event which was successfully accomplished with the assistance of Barangay Treasurer and Barangay Health Workers.

# Another leg of PGC's Ugnayan sa Barangay program continues in the City of Gen. Trias

On behalf of Governor Jonvic Remulla, Gen. Trias City Mayor Jon-Jon Ferrer led another leg of Ugnayan sa Barangay program in the City of Gen. Trias on November 15, 2022, this time, in Barangay Pasong Kawayan 2.

Hundreds of residents warmly welcomed the Ugnayan sa Barangay team and enthusiastically listened as their local officials discussed the lined-up plans and programs for the welfare of the people in the community.

Also present in the program were 6th District Board Members Kerby Salazar and Morit Sison who laid out the services offered by the provincial government to uplift the lives of Caviteños. ***PICAD***

# Super Health Center, nakatakdang itayo sa Calatagan

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA) - Isinagawa ang groundbreaking para sa nakatakdang pagtatayo ng Super Health Center sa bayan Calatagan noong ika-7 ng Nobyembre.**

Ang naturang proyekto ay nagkakahalaga ng humigit kumulang sa P6.5M at lalagyan ng mga kagamitang may kabuoang halaga na P5M.

Pinangunahan nina Senate Committee on Health Christopher Lawrence "Bong" Go kasama sina 1st District Rep. Eric Buhain, Calatagan Mayor Peter Oliver Palacio, Department of Health -Calabarzon Regional Director Dr. Ariel Valencia, Provincial Health Officer Dra. Rozvilinda ozaeta, Executive Assistant to the Governor Dr. Marcelito Malabanan kasama ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng Calatagan at barangay officials ng Brgy. Gulod kung saan nakatakdang itayo ang naturang health center.

Ayon kay Dr. Valencia may kabuuang 41 Super Health Centers ang nakatakdang itayo sa rehiyon ng Calabarzon kabilang ang siyam sa Cavite; pito sa Laguna; walo sa Batangas; pito sa Rizal at 10 sa Quezon.

Aniya, layon ng pamahalaan na mailapit sa taumbayan ang abot kayang serbisyong medikal sa pamamgitan ng mga ganitong proyekto kung saan hindi na kailangang makipagsiksikan sa mga ospital para sa iba't-ibang serbisyo.

Sa mensahe ni Senador Go, sinabi nito na napakahalaga ng pagbibigay halaga sa kalusugan lalo na sa panahong ito na nakaranas tayo ng pandemic dulot ng COVID 19 kaya't patuloy nilang isinusulong ang pagtatayo ng mga Malasakit Centers at ngayon ay ang mga Super Health Centers na Malaki ang maitutulong sa mga kababayang Pilipino na walang kakayahang magpunta sa mga pribadong ospital upang magpagamot.

Ang itatayong Calatagan Super Health Center ay isang one-storey Primary Care Facility na may outpatient department, birthing station, isolation area, diagnostic laboratory,x-ray at ECG, pharmacy at ambulatory surgical unit. Magkakaroon din ng ibang serbisyo tulad ng EENT (eye, ear, nose, throat), oncology center, physical therapy, rehabilitation at telemedicine.

Magiging counterpart ng lokal na pamahalaan ang pagkakaloob ng 300 sqm na lupaing siyang pagtatayuan ng Super Health Center na matatagpuan sa Brgy Gulod.

Sa walong Super Health Centers na itatayo sa lalawigan ng Batangas, dalawa na ang sisimulan at inaasahang matatapos ang konstruksyon sa April 1, 2023. ***(MDC/PIA-Batangas)***

# 2 menor de edad, huli sa akto sa pagtangay ng motorsiklo

**HAWAK** ng City Social Welfare and Development ang dalawang menor de edad na naaresto matapos tumangay ng motorsiklo sa Gen Trias City, Cavite Martes ng madaling araw.

Inaalam pa kung saan barangay nakatira ang dalawang menor de edad na kapwa 16-anyos matapos ireklamo ng biktimang si Ronald Sister, ng Brgy San Juan 1, Gen Trias City.

Sa ulat, dakong ala-1:30 ng madaling araw ay namataan ng mga barangay tanod ang dalawang menor de edad habang hila-hila ang isang motorsiklo sa Brgy San Juan 1.

Dahil alanganin sa oras at kahina-hila ang kanilang kilos, sinita ang mga ito at sinabing nakatira sila sa nasabing barangay.

Gayunman, itinanggi ng mga barangay officials na residente ang mga ito sa lugar kaya sila inaresto. ***GENE ADSUARA***

# Lolo, nagbigti dahil sa diabetes?

**HINIHINALANG** dahil sa iniindang sakit na diabetes kaya nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbigti ang 64-anyos na lolo sa Bacoor City, Cavite Lunes ng umaga.

Kinilala ang biktima na Generoso Mejia y Galang, ng Blk. 12 Lot 18B F. Baes St. Phase 1 Perpetual Village 7, Brgy. Mambog 5, Bacoor City.

Ayon sa asawang si Marina Mejia y Laurel, dakong alas-4:12 ng madaling araw ay natuklasan nito ang pagpapakamatay ng biktima sa pamamagitan ng pagbigti gamit ang isang nylon cord sa loob ng kanilang bahay.

Nabatid na may sakit na diabetes ang biktima ng ilang taon na, na hinihinalang ito ang dahilan ng kanyang pagpapakamatay. ***GENE ADSUARA***

# The Godfather

Paulo Flores
09451470533
09287181677
09087869697



## Kapistahan ni Kristong Hari!

Bilang panimula, ang aking pagbati sa mga pari, brothers at seminarista na kabilang sa "Societas Verbi Divini" o SVD na sa salitang Ingles ay Society of the Divine Word. Ang SVD na kinabibilangan ng ilan sa ating mga nakasama, nakatrabaho, naging taga-hubog tulad nina Father Arlo Bernardo Yap, SVD na nakasama ko sa DWRV Radio Veritas; si Father Glenn Gomez, SVD na kaibigan ng aking superior na si late Father Fernando M Suarez (the Healing Priest); si Father Rudolf 'Rudy' Horst, SVD na naging mapagpasiyensa sa aking pangungumpisal; Father Atilano 'Corks' Corcuera, SVD na siyang nagsabi na nakapasa ako sa examinations para sa pagiging isang missionary priest at si Father Titus Mananzan, SVD na naging Confessor ko din na kapatid ng aking Canon Lawyer na si Father Reginaldo "Rex" Mananzan SJ.

Ang SVD ay isa sa kongregasyon sa Simbahang Romano na ang charism ay naka-focus sa missionary work. Sila ang nangangasiwa ng Christ the King Mission Seminary at Christ the King Shrine na matatagpuan diyan sa E. Rodriguez Boulevard, Quezon City.

Bilang pagdiriwang sa Kapistahan ni Kristong Hari, masasabi ba natin na si Kristo ba talaga ang Hari sa ating buhay? Si Krtisto ba talaga ang kinikilala natin bilang ating Panginoon at taga-Pagligtas? O meron pa tayong ibang mga "Lords" o pinapanginoon sa ating buhay?

Kamakailan lamang ay inatasan ni Department of Interior and Local Government ( DILG) Secretary Benjamin "Benhur" Abalos Jr ang Philippine National Police (PNP) na paigtingin ang pagsasakatuparan ng Batas at sa pagsasagawa ng mga operasyon laban o kontra sa ipinagbabawal na droga sa bansa.

Sinabi ni Abalos na kanyang kakausapin si PNP Chief, Police General Rodolfo Azurin upang atasan ang lahat ng regional directors, provincial (district) directors hanggang sa mga sub stations na pag-ibayuhin ang programa ng pamahalaan ukol sa war on drugs dahil ang illegal na droga umano ang siyang pangunahing dahilan sa pagkakaroon ng krimen sa bansa.

Sa panig naman ng National Capital Region Police Office (NCRPO), tiniyak ni Police Brigadier General Jonnel C Estomo kay Secretary Abalos na lalong pag-iibayuhin ng NCRPO ang kanilang walang humpay at walang puknat na pagkilala at paghuli sa lahat ng mga tao na sangkot sa ilegal na droga maging ang mga ito ay miyembro ng pulis, militar o kahit saang sangay ng gobyerno, miyembro ng Simbahan o ng mga educational at private institution. Sa isang salita, ang NCRPO ay walang kinikilingan, walang pinoprotektahan pagdating sa pagpapatupad ng Batas lalo na kung ito ay may kaugnayan sa ipinagbabawal na droga.

Binigyang diin ni Estomo na bilang tugon sa panawagan ni Secretary Abalos ay pakikilusin nito ang Regional Intel Division, NCRPO sa pangunguna ni PLTCOL Jerry M Alvarez sa ilalim ng direct supervision ni PCOL Romano V Cardiño, Chief, RID-NCRPO upang matiyak na makikilala, mahuhuli at mapapanagot sa batas ang mga itinuturing na pasimuno sa pagkalat ng ipinagbabawal na droga maging sa pinaka sulok na barangay dito sa Kalakhang Maynila.

Naniniwala ang The Godfather na sa leadership at management skills ni PBGEN Estomo at sa pagsisikap ng Regional Intel Division, NCRPO sa pangunguna ni PLTCOL Jerry M Alvarez sa ilalim ng direct supervision ni PCOL Romano V Cardiño, Chief, RID-NCRPO ay malalaman nila kung sinu - sino at kung saan - saang Barangay dito sa Metro Manila ang umano'y mayroong mga maraming ilegal drug pushers, dealers at users at pushers para matutukan ng mga otoridad at maiparehab ang mga lulong na sa droga at kasuhan naman ang mga nararapat na kasuhan upang papanagutin sa batas. Kung mababasa ito ni RD Estomo, ni PLTCOL Versola, ni PMAJ Alising mayroon po akong ilang tips o impormasyon na maaari ninyong magamit bilang panimula ng Regional Intel Division ng NCRPO.

Samantala, ang aking malugod na pagbati sa mga opisyales at miyembro ng Special Investigation Task Group sa Lapid Murder Case sa pangunguna nina PBGEN Kirby John Brion Kraft, district director ng Southern Police District (SPD) at PCOL Restituto B Arcangel na binuo ni PBGEN Estomo para mag-imbestiga at mag-resolba ng kaso ng pagkamatay ng broadcaster na si Ginoong "Percy Lapid" o Percival Carag Mabasa sa tunay na buhay, ang kapatid n gating kaibigan na si Roy Mabasa. Kamakailan ay binigyang parangal ni Secretary Abalos ang mga pulis na miyembro ng SITG Lapid Case sa isang simpleng seremonya na isinagawa sa Grandstand ng Regional Headquarters, NCRPO, Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City dahil ayon kay Abalos maituturing nang tapos na ang naturang usapin matapos makapaghain na sila ng kaso sa Percy Lapid Murder Case kung kaya dapat aniya na tutukang maigi naman ng PNP ang paglaban sa mga ilegal na droga.

# EDITORYAL

## Foul play

**SA Philippine General Hospital ang pagsasakatuparan ng awtopsiya sa bangkay ng mga persons deprived of liberty mula sa New Bilibid Prison.**

**Ang hakbang ay kaugnay ng ginawang pagbisita ng Forensic pathologist na si Dr. Raquel Fortun sa Eastern Funeral Services sa Muntinlupa City.**

**Isinagawa ang inspeksiyon sa 166 bangkay ng mga PDL subalit nasa 50 lamang ang maaaring masalang sa awtopsiya.**

**Hindi na maisasagawa ang eksaminasyon dahil tuyo na ang iba pang bangkay at wala ng makikita pa sa mga ito.**

**Si Department of Justice Secretary Jesus Crispin Remulla, ay matatandaang iniutos ang awtopsiya sa mga bangkay bunsod ng ulat na dalawa hanggang tatlong PDL ang namamatay sa NBP kada araw.**

**Mismong si Fortun ay may hinala sa posibilidad na mayroong foul play ng pagkamatay sa ilang PDL.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



# HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Email:** roneied@yahoo.com
hanepppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***

# ANAK, TIGBAK SA AMANG NAASAR SA TAHOL NG ASO

**NABUWISIT dahil sa ingay ng tahol ng alagang aso, inaway ng ama ang kanyang anak na nagresulta sa pagkakahulog at pagkamatay ng huli sa Bacoor City, Cavite Linggo ng gabi.**

Kinilala ang biktima na si Remcar Citra y Bayrante, ng Hicban Compound, Molino 6 Bacoor City.

Ang suspek ay ang sariling ama na si Dante Citra y Estopace.

Sa ulat, dakong alas-11:50 ng gabi naganap ang insidente sa bahay ng pamilya na nagkaroon ng pagtatalo ang mag-ama dahil sa tahol sa aso na alaga ng biktima.

Ang pagtatalo ng mag-ama ay nauwi sa kanilang pag-aaway na humantong umano sa pagkakahulog ng biktima.

Matapos ang insidente, imbes na saklolohan ng ama ang kanyang anak ay iniwan ito at tumakas.

Nang dumating ang ina ng biktima ay hinanap nito hanggang sa nadiskubreng wala ng buhay. ***GENE ADSUARA***

# Barumbadong Canadian national, sinipa palabas ng bansa

**INARESTO** ng mga ahente ng Bureau of Immigration (BI) ang overstaying na Canadian national dahil sa umano'y paninira ng ari-arian sa isang subdibisyon sa Angeles City, Pampanga.

Kinilala ni BI Commissioner Norman Tansingco ang dayuhan na si Andrew Clark Stewart, 62, na inaresto sa loob ng kanyang bahay sa Angeles City, Pampanga dahil sa reklamo ng hindi magandang asal sa loob ng kanilang subdibidyon.

"When our officers approached Stewart, he failed to present a valid passport or any identification card. He was then arrested for being in flagrante undocumented," paliwanag ni Tansingco.

Si Stewart ay naharap sa deportation case dahil sa paglabag sa Philippine Immigration Act of 194 o overstaying at pagiging undocumented immigrant.

"This should serve as a warning to foreigners who wish to stay in the country. Legalize your stay and behave appropriately or face detention and deportation," ayon kay Tansingco. ***GENE ADSUARA***

# Tumangay ng sasakyan, arestado

**INARESTO** ng Cavite police ang 36-anyos na lalaki na tumangay ng sasakyan ng babaing naglalaro ng EBINGO sa loob ng isang kilalang supermarket sa Imus City, Linggo ng hapon.

Kasabay ng pagkakabalik ng sasakyang tinangay ng suspek na si Randolph Zoleta Brutas, 36, ng Mahogany St. Sherwood Brgy Anabu 2B, Imus City, ay inaresto ito dahil sa reklamo ni Buenos Aires Gayatgay, 37, ng 9086 Sarroca St, Villa Amparo Subd, Bayan Luma 4, Imus City.

Sa ulat ni PSSgt Roy Vincent Reyes, ng Imus City Police, dakong ala-1:00 ng hapon iparada ng biktima ang kanyang sasakyan sa parking area sa harapan ng Puregold Supermarket sa Brgy Anabu 2C, saka pumasok at naglaro ng slot machine sa EBINGO.

Dahil palipat-lipat ng slot machine, nailapag niya ang susi ng sasakyan sa unang slot machine na pinaglaruan.

Naalalang naiwan kaya binalikan ito subalit wala na ang susi.

Kinutuban at tumakbo palabas patungo sa parking area at wala na ang kanyang sasakyan.

Humingi ng tulong sa pamunuan ng supermarket at nagsagawa ng backtracking sa Close Circuit Television (CCTV) kung saan nakuhanan ang video ang suspek.

Nagsagawa ng follow up operation ang pulisya at sa pamamagitan ng koordinasyon sa pamilya ng suspek ay ibinalik ito na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto dakong alas-3:00 ng hapon. ***GENE ADSUARA***

# Nene, nalunod sa pool

**HINIHINALANG** nalunod ang 8-anyos na batang babae na naligo sa apat na pulgadang lalim ng tubig sa pool sa isang resort sa Tanza, Cavite Linggo ng hapon.

Tinangka pang bigyan ng Cardiopulmonary Resuscitation (CPR) saka isinugod sa Manas Hospital ang biktimang si Princess Jirah Peruda y Granada, Grade 3 pupil at residente ng Zone 7, Mini Park, Makati City subalit idineklarang dead on arrival.

Sa imbestigasyon ng pulisya, dakong alas-12:50 ng tanghali ay naligo ang biktima kasama ang mga pinsan sa pool sa Villa Excellance Resort sa Sitio Postema, Brgy., Sahud Ulan, Tanza.

Ayon sa kapatid ng biktima, hindi umano napansin ng mga pinsan nito na humiwalay sa kanila at napunta sa apat na pulgada na lalim. ***GENE ADSUARA***

# P3-M halaga ng mga alahas, sinikwat sa farmhouse ng BOKAL

**UMABOT** sa mahigit P3 milyon halaga ng alahas ang tinangay ng 'di nakilalang mga suspek sa farmhouse ng isang BOKAL o Cavite Provincial Board Member sa Gen E. Aguinaldo Lunes ng hapon.

Inaalam ang pagkakakilanlan sa mga suspek na tumangay sa alahas ng biktimang si Irene Bencito y De Padua, Cavite Provincial Board Member at residente ng Sitio Bulboc, Brgy. Castanos Cerca, Gen. E. Aguinaldo, Cavite.

Sa ulat, alas-2:00 ng hapon ay nagtungo ang Bokal sa pulisya hinggil sa naganap na pagnanakaw sa loob ng kanyang farmhouse sa naturang barangay na hinihinalang naganap noong unang Linggo ng kasalukuyang buwan.

Dahil walang tao sa lugar, pinasok umano ang loob sa pamamagitan ng pag-akyat ng mga suspek sa isang bakal na hagdanan sa likurang bahagi ng bahay patungo sa isang sliding window na hindi naka-lock.

Pagpasok ng mga suspek, tinangay ang isang hand carry na safety vault kung saan nakalagay ang mga alahas na nagkakahalaga ng P3 milyon.

Ginawa lamang ang inventory sa nawawalang mga alahas kamakailan matapos dumating mula sa biyahe sa ibang bansa ang Bokal. ***GENE ADSUARA***

# Sumalisi sa loob ng arena, huli

**HINDI** na nakaporma pa ang construction worker na tumangay ng P10,000 cash sa loob ng offline betting booth matapos ipanawagan sa loob ng arena ang pagnanakaw nito sa Imus City, Cavite Linggo ng hapon.

Kinilala ang suspek na si Sonny Lacno y Catarus, 29, na inireklamo ng pamunuan ng Imus Sports Arena sa Brgy Anabu 2 D, Imus City.

Sa ulat, dakong ala-1:20 ng hapon ay pumasok ang suspek sa loob ng nasabing arena at nagpanggap na bettor.

Subalit ng nakakuha ng tiyempo, pumasok ito sa loob ng offline betting station at tinangay ang P10,000 cash at tinangkang tumakas.

Napansin siya ng offline betting teller na si Jeimyleen Batino Pagalan, 24, at ipinanawagan sa sound system ng arena base ang deskripsiyon ng suspek na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto at pagkakabawi ng nabanggit na halaga. ***GENE ADSUARA***

# Barbeque vendor, dedo sa kabaro

**ISANG** 33-anyos na vendor ang napatay matapos tarakan ng kanyang kabaro dahil sa pagtatalo sa kanilang pagtitinda ng barbeque sa Bacoor City, Cavite Martes ng madaling araw.

Isinugod pa sa Molino Doctors Hospital ang biktimang si Alvin Modrigo y Acebuche, binata, ng B5 L33 Ph2 Villa Antonina Brgy. San Nicolas 2, Bacoor City subalit nalagutan ng hininga habang ginagamot.

Naaresto naman sa follow up operation ang suspek na si Christian Mendoza y Duran, 29, isa ring barbeque vendor, ng 1727 Fourth St., Santa Ana Manila.

Sa ulat, dakong alas-4:05 ng umaga naganap ang insidente sa B9 L1&2 Unit 5 Lima St., Orient Vill Brgy. Molino 1, Bacoor City kung saan kapwa nagtitinda ng barbeque ang dalawa sa nasabing lugar.

Nabatid na magliligpit na umano ang dalawa ng mga paninda at nagkaroon ng pagtatalo sa hindi binanggit na dahilan hanggang sa naglabas ng patalim ang suspek at pinagsasaksak ang biktima.

Matapos ang insidente ay tumakas ang suspek subalit sa isinagawang follow up operation ay naaresto ng mga operatiba ng Sector 10 Mobile patrol. **GENE ADSUARA**

# Ginang, nagbigti dahil sa depresyon

**IMBES** na harapin at gumawa ng paraan sa umano'y pagkaka-utang sa iba't ibang indibidwal, pagpapakamatay sa pamamagitan ng pagbigti ang naisip na solusyon ng 39-anyos na ginang sa Silang, Cavite Martes ng umaga.

Kinilala ang biktima na si Wilma Danico y Manahan, ng Mulawin, Brgy San Vicente 2, Silang.

Sa ulat ng pulisya, dakong alas-8:30 ng umaga ay natagpuan ni Arwin John Danico ang ina na nakabitin ang leeg sa kanilang kisame.

Ayon sa asawa ng biktima, kabi-kabila ang kanilang utang sa iba't ibang indibidwal at dahil sa kaiisip kung paano resolbahin ang problema ay humantong ito sa depresyon.

Tumanggi rin ang pamilya nito na isailalim sa awtopsiya ang bangkay dahil naniniwala sila na walang naganap na foul play. ***GENE ADSUARA***

# Dayuhang walang working visa, inaresto

**INARESTO** ng Bureau of Immigration (BI) ang isang Indian national na nagbebenta ng kanyang negosyo na walang kaukulang working visa o permit.

Kinilala ni BI Intelligence Division Chief Fortunato Manahan, Jr. ang dayuhan na si Inderjeet Bamdev, 36, na inaresto pagdating sa kanyang tindahan sa Brgy. Centro Norte, Camalaniugan, Cagayan.

Ayon kay Manahan, ang pagkakaaresto sa dayuhan ay bunsod sa natanggap nilang reklamo na nagbukas ito ng negosyo sa kabila na walang working visa.

"It took hours to take Bamdev into our custody as he refused the arrest. He even bragged that he has the backing of some law enforcement officers and that he is untouchable by BI," ayon kay Manahan.

Sa pagberepika sa travel records at visa status ni Bamdev, lumalabas na mahigit apat na taon na siyang nakatira sa bansa pero hindi nag-a-aplay ng kaukulang visa.

Si Bamdev ay naharap sa kasong paglabag sa ilalim ng Sec. 37(a)(7) ng Philippine Immigration Act of 1940.

"It is disappointing how some think they can easily evade the authorities in our country," ayon kay BI Chief Norman Tansingco. "Nobody is above the law. Adhere by it or face deportation," dagdag pa nito. ***GENE ADSUARA***

# PANAWAGAN PARA SA PANUKALANG AKLAT

Inaanyayahan ang lahat na magpása ng panukalang aklat para sa proyektong pampublikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino. Tatanggap ang patnugutan ng KWF Publikasyon ng teknikal na mga akda, saliksik pangwika, malikhaing akdang pampanitikan na nakasulat sa Filipino at sa mga rehiyonal na wika sa Pilipinas gaya ng Sebwano, Chavacano, Hiligaynon, Ilocano, Waray, Bikol, Kapampangan, Tausug, Mëranaw, Kinaray-a, Surigaonon, at iba pa.

Bukás ang panawagan para sa lahat ng manunulat, editor, tagasalin sa Filipino at rehiyonal na mga wika.

Layon ng proyekto na palakasin pang higit ang paggamit ang wikang Filipino at mga rehiyonal na wika sa Pilipinas. Gayundin, target nitong matipon ang mahahalagang akdang pumapaksa sa wika at kultura ng bansa na magagamit sa pag-aaral, pagtuturo, at pananaliksik ng mga estudyante, guro, at iskolar.

Mga Panuntunan:

1.Bukás sa paksa ang isusumiteng mga akda.

2.Orihinal at hindi pa nailathala o naipasa sa ibang publikasyon.

3.May kasamang sinagutang pormularyo ang isusumiteng mga akda. Ipapaskil ang link sa mga sumusunod na araw.

4.Maaaring magsumite ng alinman sa sumusunod:

•Koleksiyon ng mga saliksik sa araling pangkultura

•Koleksiyon ng mga saliksik sa araling pagsasalin

•Mga saliksik o introduksiyon sa sosyolingguwistika, ponetika, ponolohiya, morpolohiya, pragmatika, sintaks, at semantika ng wikang Filipino at mga rehiyonal na wika

•Diksiyonaryo

•Koleksiyon ng kritikal na pagsusuri ng mga akdang pampanitikan

•Koleksiyon ng mga maikling kuwento

•Koleksiyon ng mga sanaysay

•Koleksiyon ng mga dulang may isang yugto

•Salin sa Filipino ng klasikong akdang rehiyonal (ililimbag na bilingguwal)

•Salin sa rehiyonal na wika ng klasikong akdang nakasulat sa Filipino o English (ililimbag na bilingguwal)

•Teknikal na mga akdang nasusulat sa Filipino (batas, medisina, agrikultura, populasyon, edukasyon, disaster, financial literacy, urban planning, engineering, negosyo, etc.)

5.Nasa soft file at naka-encode sa Word file ang isusumiteng mga akda, may 1.5 espasyo, font style na Arial, at font size na 12 puntos.

6.Maglakip ng bionote. Banggitin ang kasalukuyang posisyon, institusyon, espesyalisasyon, mga nailimbag na akda at saliksik.

7.Isumite ang mga akda kasama ang pormularyo sa kwf-publikasyon@kwf.gov.ph

8.Para sa mga saliksik, sanaysay, at pagsusuring pampanitikan, teknikal na akda, dapat na kompleto ang isusumiteng akda. Dapat na may

•introduksiyon

•talaan ng nilalaman

•sanggunian

•mga talâ

•glosaryo

•bionote ng awtor, mga kontribyutor, editor, at katuwang na mga editor

•kung gagamit ng mga guhit o larawan, dapat na may deskripsiyon ang bawat larawan at may lakip na katibayan ng pahintulot mula sa lehitimong may-ari nito

9.Para sa mga malikhaing akda, dapat na may

•introduksiyon

•talaan ng nilalaman

•talâ ng editor o tagasalin

•bionote ng awtor, editor, katuwang na mga editor, kontribyutor, at tagasalin

10.Sa pagsusumite gamit ang email, gamitin ang format na: APELYIDO-GENRE-KWF-PUB2022

Halimbawa: REYES-SALIKSIK-KWF-PUB2022

11.Ang deadline ng pagsusumite ay sa 30 Nobyembre 2022.

Para sa mga tanong, maaaring mag-email sa kwf-publikasyon@kwf.gov.ph. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa (02) 899-606-70 at hanapin si Andoy Glory.

# Mga mamimili, hinimok ng NMIS na bumili ng karne sa maayos na palengke

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)–** Hinimok ni National Meat Inspection Service (NMIS) 4A Regional Technical Director Dr. Orlando C. Ongsotto sa idinaos na Kapihan sa PIA Quezon noong Nobyembre 9 ang publiko na bumili ng karne sa maayos na palengke at iba pang tindahan ng karne na sumusunod sa patakaran ng NMIS at ng mga lokal na pamahalaan.

Ayon kay Dr. Ongsotto, ang Class Double A ay ang uri ng slaughterhouse na sumunod sa patakaran ng NMIS na dito ay makakaasa ang publiko ng maayos na pagkatay ng hayop.

Sinabi ni Ongsotto na may 15 bayan at lungsod sa CALABARZON ang mayroong Class Double A slaughterhouses at dalawa dito ay nasa bayan ng Gumaca at Pagbilao sa Lalawigan ng Quezon.

"Mapapatawan po ng kaukulan parusa ang mga nagtitinda ng karne na lalabag sa mga ipinag-uutos o patakaran ng NMIS at ng mga lokal na pamahalaan ukol sa tamang pagtitinda ng karne".

Samantala, nasa proseso na din ang aplikasyon ng bayan ng Tiaong at Lucena City upang maging Class Double A din ang kani-kanilang slaughterhouse.

Ang NMIS-4A ay nasa ilalim ng Kagawaran ng Pagsasaka kung saan isa sa mga pangunahing mandato nito ay magpatupad ng mga batas o regulasyon at mga programa upang masiguro na ligtas ang mga mabibiling karne ng mga mamimili at katuwang ng NMIS ang mga lokal na pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas. ***(RMO/PIA Quezon)***

# Kelot na namaril, tiklop sa pulis-Caloocan

**ISANG** 37 anyos na lalaki na umano'y nagpaputok ng baril sa Caloocan City ang naaresto ng mga pulis sa ilalim ng pamumuno ni PCOL Ruben B Lacuesta kamakailan.

Kinilala ni PCOL Lacuesta ang suspek na si Mark De Paz a.k.a. EGOY, na nadakip naman ng mga pulis na nakatalaga sa Sub-Station 12, Caloocan CPS sa ilalim ng pamumuno ni PMAJ Darwin Decano sa loob mismo ng tinutuluyan nito sa Blk. 12, Lot 18, Brilliant Stone Ville, Barangay 171, Caloocan City.

